
LUNGSOD NG CALAMBA 1742 LAGUNA 2001

# CALAMBALITA

Vol. 3 No. 006 June 10, 2019 Bilang 27




## MGA BAGONG HALAL SA LUNGSOD, NAIPROKLAMA NA!

Naiproklama na ang mga bagong halal na ginanap sa Session Hall noong May 14, 2019. Nagpasalamat si Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa lahat ng bumoto sa kanya upang mapagsilbihan ang Calambeño sa ikatlo at pang huling termino nito bilang alkalde ng lungsod. Anya, mas lalo niyang pagbubutihin ang kanyang panunungkulan at gagawin ang lahat ng abot ng kanyang makakaya para sa kaunlaran ng lungsod.

Nagbigay din ng mensahe ng pasasalamat si Congressman elect Joaquin M. Chipeco dahil sa tagal ng kanyang panunungkulan bilang isang public servant ay nakikita na ang bunga ng pagsisikap. Naging pang sampu (10) ang lungsod sa buong bansa sa pinaka mayayaman na syudad, at gumanda ang ekonomiya at dumami ang mga namumuhunan.

Ang mga naiproklama ay sila Congressman Joaquin M. Chipeco Jr, Mayor Justin Marc SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller H. Rizal, Kasapi ng Sangguniang Panlungsod na sila Kon. Julian Eugene "Kuya Joey" Chipeco, Charisse Anne "Cha" Hernandez, Maria Virginia "Gigi" Alcasid, Pursino "Pursing" Oruga, Soliman "Rajay" Lajara, Angelito "Totie" Lazaro Jr., Saturnino "Turne" Lajara, Dyan Espiridion, Leeanne Aldabe, Juan "Johnny" Lazaro, Joselito "Jojo" Catindig at Doreen May Cabrera.

Ito ang unang halalan mula nang maging Lone District ang Lungsod ng Calamba.

*(Joel A. Cabactulan)*




### NUMBER OF VOTES OBTAINED BY WINNING CANDIDATE

*source: COMELEC*

***CONGRESSMAN:***

| | |
|---|---|
| JOAQUIN CHIPECO JR. | - 149,428 |

***MAYOR:***

| | |
|---|---|
| JUSTIN MARC CHIPECO | - 153,549 |

***VICE-MAYOR:***

| | |
|---|---|
| ROSELLER RIZAL | - 145,971 |

***COUNCILORS:***

| | |
|---|---|
| JULIAN EUGENE CHIPECO | - 110,588 |
| CHARISSE ANNE HERNANDEZ | - 110,038 |
| MARIA VIRGINIA ALCASID | - 103, 956 |

***COUNCILORS:***

| | |
|---|---|
| PURSINO ORUGA | - 103,573 |
| SOLIMAN LAJARA | - 103,089 |
| ANGELITO LAZARO JR. | - 96,215 |
| SATURNINO LAJARA | - 95,121 |
| DYAN ESPIRIDION | - 94,052 |
| LEEANNE CORTEZ | - 93,207 |
| JUAN LAZARO | - 88,061 |
| JOSELITO CATINDIG | - 85,675 |
| DOREEN MAY CABRERA | - 81,398 |

*picture ctto:facebook*




*source: INQUIRER.NET*

# RESULT FOR PARTYLIST

59 SEATS


1. ACT-CIS - 3 SEATS
2. BAYAN MUNA-3 SEATS
3. AKO BICOL - 2 SEATS
4. CIBAC-2 SEATS
5. ANG PROBINSYANO - 2 SEATS
6. 1PACMAN-2 SEATS
7. MARINO-2 SEATS
8. ANG PROBINSYANO -2 SEATS
9. SENIOR CITIZENS
10. MAGSASAKA
11. APEC
12. GABRIELA
13. AN WARAY
14. COOP-NATCCO
15. PHILRECA
16. ACT TEACHERS
17. AKO BISAYA
18. TINGOG SINIRANGAN
19. ABONO
20. BUHAY
21. DUTERTE YOUTH
22. KALINGA
23. PBA
24. ALONA
25. RECOBODA
26. BAGONG HENERASYON
27. BAHAY
28. CWS
29. ABANG LINGKOD
30. A TEACHER
31. BHW
32. SAGIP
33. TUCP
34. MAGDALO
35. GP
36. MANILA TEACHERS
37. RAM
38. ANAKALUSUGAN
39. AKO PADAYON
40. AAMBIS-OWA
41. KUSUG TAUSUG
42. DUMPER PTDA
43. TGP
44. PATROL
45. AMIN
46. AGAP
47. LPGMA
48. OFW FAMILY
49. KABAYAN
50. DIWA
51. KABATAAN




"Isang malaking karangalan para sa akin na maging kinatawan sa unang pagkakataon sa Lone District City of Calamba. Sa haba ng panahon ng aking paglilingkod bilang Congressman, ito po ang napakahalaga sa akin dahil ito po ang unang pagkakataon na magsisilbi ako exclusively sa City of Calamba. Muli po ay nagpapasalamat ang aming pamilya sa inyong muling pagtitiwala at makakaasa po kayo na hihigitan pa namin ang aming mga dapat gawin, nakikita namin na ang pag-angat ng syudad ng Calamba ay hindi na mapipigilan pa. Muli, maraming maraming Salamat po sa mga minamahal kong kababayan."

**-Congressman Joaquin M. Chipeco Jr.-**

*picture ctto: facebook*




*"Lubos akong nagpapasalamat sa mga Calambeño sa taos pusong pagsuporta at muling pagtitiwala sa inyong maliit na lingkod. Nais ko pong muli tayong magkaisa sa pagganap sa ating mga trabaho.*
*Alam ko po na katulong ko kayong lahat.*
*Mga Calambeño mahal na mahal ko kayo."*

**-Mayor Justin Marc SB. Chipeco-**

*picture ctto: facebook*






**"Maraming salamat po sa inyong patuloy na pagtitiwala at pagsuporta. Asahan po ninyo na sa aking paglilingkuran, laan ko para sa bawat Calambeño ang TAPAT NA PAGSISILBI. Samahan n'yo po akong muli sa takbuhin natin tungo sa mas maunlad na Calamba."**

**-Vice Mayor Roseller Rizal-**

## MARAMING SALAMAT PO SA INYONG PAGTITIWALA. MGA MINAMAHAL NAMING CALAMBEÑO!



# MGA KAGANAPAN SA IKA-ANIM NA BUHAYANI FESTIVAL AT IKA-158TH BIRTH ANNIVERSARY NI DR. JOSE RIZAL, TINALAKAY




Tinalakay ang mga kaganapan sa ika-anim na Buhayani Festival ng lungsod sa pamamagitan ng Press Conference na ginanap sa Session hall na dinaluhan ng ibat-ibang media affiliation ng Calabarzon noong May 21, 2019. Ang Buhayani Festival ay sinimulan ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco at naging matagumpay at ngayon ay umabot na sa anim na taon.

Ayon kay Ms. Larissa P. Malinao, hepe ng Cultural Affairs, Tourism and Sports Development Department layunin ng press conference ang maabot ang lahat ng tao sa magaganap mula Hunyo 8 – 24 kung saan magtatapos sa Basaan Festival.

Ayon pa kay Ms. Malinao, magiging maganda at maraming naidagdag na mga kaganapan tulad ng CalamBangka sa mga mangingisda kung saan ay magpapaligsahan ang mga mangingisda na naninirahan sa lawa ng Laguna; Spoken Words Poetry sa mga millenials kasama ng kanilang mga hugot lines at Kundiman Singing Contest ang traditional love songs na i-revive sa bagong henerasyon. May mga ihahanda ang Local Government Unit tulad ng taun-taon na ginaganap na Baile sa Bayan ni Pepe kung saan ay inaabangan ng maraming Calambeño na ang iba ay dinadaluhan pa ng mga balikbayan. Isa pa sa aabangan ay ang Buhayani Bike Festival kung saan dalawang venue ngayon na gaganapin sa Brgy. Bunggo at sa Brgy. Canlubang sa programa ng Pepedal kung saan ay magpapakita ito sa pagiging sportsman ni Dr. Jose Rizal noong siya ay




nabubuhay.

Ayon naman kay City Councilor Gigi Alcasid, mabibigyan ng pagkakataon ang mga batang mag-aaral mula sa upland barangays na mabisita ang Museo ni Jose Rizal. Aniya, nakakalungkot na malaman na marami sa mga mag-aaral ay hindi pa nakarating sa bahay ni Dr. Jose Rizal. Magiging highlight sa kanilang pagbisita ay ang magkaroon ng story telling session sa buhay ni Dr. Jose Rizal.

Ayon naman kay Ms. Noemi Talatala, hepe ng Information, Investment Promotions and Employment Services Office ang Buhayani Festival ay lalong nakikilala ang Calamba sa buong mundo dahil sa dami ng mga kababayan natin na nasa ibang bansa ang nakaabang sa pamamagitan ng social media updates kung kaya hinikayat nito ang mga dumalo sa Press conference sa paggamit ng hashtag sa araw ng may kaganapan.

Magiging kaabang-abang din sa mga Calambeño ang salu-salo ng Aning Calambeño na kung saan ay maipapakita ng bawat barangay ang kanilang mga produkto at sabay-sabay na kakain ang lahat ng dadalo sa araw ng salu-salo. Isa pa sa kaabang-abang ay ang nagbabalik na Saranggolahan ni Pepe kung saan ay may mga kalahok mula pa sa ibat-ibang lugar.

Magbabalik din ang Marching Band competition na ang mga kalahok ay mula pa sa ibang bayan. Magkakaroon din ng Eye Care Mission, Hip Hop Dance Contest, Kuhang Buhayani, AwiTula "Alaala sa Madla at Fiesta Rizalista.

Ang pinaka highlight ng taunang Buhayani Festival ay ang pag-alala ng kapanganakan ni Dr. Jose Rizal na gaganapin sa 19, June 2019. Ito ay sisimulan ng nakasanayang pag-aalay ng mga bulaklak sa mga bantayog ni Dr. Jose Rizal. Ito ay susundan ng programa sa Museo ni Rizal sa Calamba kung saan ay itataas ang bandila ng Pilipinas kasama ng mga delegado ng NHCP, Local Government Unit ng Calamba, Provincial Government representatives, Civic Groups, Knights of Rizal at marami pang iba.

Sa hapon ay magkakaroon ng parada kung saan ay dadaluhan ng ibat-ibang delegado mula sa Academe, Private Sectors, Local Government Units, Non Government Organizations at magkakaroon ng pagandahan ng Float at ang Street Dancing mula Crossing hanggang sa Banga sa bayan.

Nagpasalamat naman sila Ms. Tessa Mar Espino na siyang nagpaliwanag tungkol sa Salu-Salo ng Aning Calamba. *(Joel Cabactulan)*

# HALALAN SA CALAMBA, GENERALLY PEACEFUL - CPS CHIEF MALINAO



Generally peaceful, ito ang naging kalagayan ng Calamba noong Mayo 13, araw ng halalan ayon kay Calamba Police Station Chief, Lt. Col Jack Malinao. Ito umano ang bunga ng ugnayan ng mamamayan at kapulisan upang isulong ang kapayapaan at pagkakaisa sa araw ng botohan.

Ayon pa kay Lt. Col. Malinao, naging madali sa kanila ang pag momonitor sa kanilang mga tauhan na naka duty sa bawat presinto sa bawat barangay sa pamamagitan ng live feed video na ipinapadala sa kanilang opisina. May national monitoring din ang Pambansang Pulisya sa Camp Crame na mayroong National Election Monitoring Action Center (NEMAC) upang malalaman ang mga kaganapan mula mismo sa mga barangay sa buong bansa.

Nagtatag din ang PNP ng task force kontra o vote buying at binantayan din ang mga naglabag sa Omnibus Election Code tulad ng pagbabawal ang pagdadala ng mga matutulis na bagay o ang posibleng pang gugulo sa mga presinto.

Nagpasalamat si Lt. Col. Malinao sa lahat ng mga Calambeño sa pagiging mahinahon at pakikipagtulungan sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng araw ng halalan. *(Joel Cabactulan)*

# HYBRID ELECTRIC TRAIN BIYAHENG CALAMBA ALABANG VICE VERSA, LAKING GINHAWA SA MGA MANANAKAY, AYON SA DOST

Laking ginhawa umano ng mga mananakay ang pagkakaroon ng byahe ng tren mula Calamba – Alabang at vice versa ayon kay Engr. Roland Ibueg ng DOST 4-A. Ayon kay Engr. Ibueg, nagsimulang bumiyahe ang tren noong May 6 at ito ay libre pa sa mga mananakay hanggang May 23, 2019 bilang test drive. Ito ay pinapatakbo sa pamamagitan ng electronics at diesel. Ang mga salamin nito ay gawa ng fiber glass upang di mabasag kung sakali mang batuhin ito. Pinag-aaralan din ng kanilang tanggapan ang karagdagang tren kung kinakailangan.

*(Joel A. Cabactulan)*






# BRIGADA ESKWELA SA CALAMBA, UMARANGKADA NA

Calamba City, - Isinagawa ang District Brigada Eskwela kick off ngayong araw, 22 May 2019 kung saan sinimulan ng Motorcade at programa sa Real Elementary School. Layunin nito ang mapalakas ang ugnayan ng mga estudyante, guro at mga magulang na sama-samang maglilinis ng mga silid aralan bilang paghahanda sa nalalapit na pasukan ngayong buwan ng Hunyo.

Ayon kay Mr. Rey Perillo, Punong Guro ng Real Elementary School, taun-taon ay tulong tulong ang lahat ng mga magulang at mga mag aaral ng kanilang paaralan sa paglilinis. Nagpapasalamat din siya na sa kanilang paaralan napili ang kick off ngayong taon. Nagpasalamat din si Mr. Perillo sa suporta ng Sangguniang Barangay ng Real sa pangunguna ni Kapitan Florencio Morales Jr, sa Parent Teacher Association, mga mag-aaral at ibang school na kabilang sa Calamba East 5 District.

Ayon naman kay Dr. Mariliza T. Espada, East 5 District Supervisor, ang District Brigada Eskwela ay para sa kaayusan at kahandaan ng mga paaralan para sa pagbubukas ng pasukan. "Importante ang pagpaplano ng sama-sama upang maging matagumpay ang mga gawain. Kung tayo ay sama-sama na magtatrabaho ay mas magiging matagumpay ang lahat ng ito", dagdag pa ni Dr. Espada. Hinikayat nito ang lahat na stakeholders na makiisa para sa kaayusan at kalinisan ng bawat paaralan.

Ang Brigada Eskwela ay mula May 22 hanggang May 27, 2019. *(Joel A. Cabactulan)*





# City of Calamba DIRECTORY 545-6789

OFFICE | LOCAL NO.

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**
545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225
**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. LARRY DIMAYUGA | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**ICT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895

kalan+banga ©denCepeda


# CALAMBALITA

## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*


*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*

**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/CcioIipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







